Pahayag sa Pagkolekta ng Personal na Impormasyon at Pahayag sa Patakaran sa Pagkapribado ("Pahayag") ng Komisyon sa Pantay-pantay na Oportunidad

Ipinapangako naming sumunod sa mga kailangan ng Ordinansa sa Personal na Datos (Pagkapribado) (Cap 486, Mga Batas ng Hong Kong) ("PD(P)O"). Sa pagsasagawa nito, magsasagawa kami ng mga makatuwiran at praktikal na hakbang para tiyakin ang pagsunod sa PD(P)O ng lahat ng kawani na may kasamang mga kinakailangang pamantayan ng seguridad at pagiging kumpidensyal.

Pagkolekta at Paggamit ng Impormasyon

Maaari kaming kumolekta ng personal na impormasyon ("Personal na Datos") na may kaugnayan sa iyo kapag nagtanong o nagreklamo ka, nagsumite ng mga aplikasyon sa Komisyon sa Pantay-pantay na Oportunidad (Equal Opportunities Commission, EOC), dumalo sa aming mga aktibidad o nakipag-ugnayan sa amin. Kung hindi maibigay ang kinakailangang Personal na Datos, maaaring hindi namin maproseso ang iyong mga pagtatanong, reklamo o para magbigay o magpatuloy sa pagbibigay ng mga serbisyo sa iyo.

Maaari naming gamitin ang iyong Personal na Datos para sa alinman sa sumusunod na mga layunin:

a. pamamahala at pag-follow up sa iyong mga pagtatanong at reklamo;
b. pagsasagawa ng alinman sa aming mga tungkulin na naaayon sa batas;
c. pagpapahusay at pagsubaybay sa aming mga serbisyo para matugunan ang mga pangangailangan ng mga gumagamit ng aming serbisyo;
d. pagsasagawa ng pananaliksik para sa mga pagpapahusay ng serbisyo;
e. pag-aabiso sa insurer ng EOC kaugnay ng reklamo o pagtatanggol laban sa isang reklamo na kinasangkutan bilang isang partido;
f. pagpapadala ng iyong impormasyon at mga materyales kaugnay ng iba pa naming serbisyo (batay sa iyong pahintulot);
g. pagsunod sa anumang batas, regulasyon o patnubay na inisyu ng pang-regulasyon o iba pang awtoridad;
h. anumang iba pang layunin na sinang-ayunan mo; at
i. mga layuning kaugnay ng alinman sa nasa itaas.

Ang iyong personal na datos ay hindi dapat iimbak nang mas matagal kaysa sa kinakailangan para makamit ang layunin (kabilang ang anumang direktang nauugnay na layunin) kung saan gagamitin ang datos.

Paggamit ng Cookies

Kapag bumibisita ka sa aming website, inirerekord lamang namin ang iyong pagbisita bilang "hit" at hindi kinokolekta ang anumang personal na pagkakakilanlan na nauugnay sa iyo. Sa kabilang banda, itinatala ng "cookies" sa web browser ng iyong kompyuter kung nag-enable ka ng ganoong function. Ang "cookie" ay isang piraso ng impormasyon na ipinadala mula sa isang website habang nagba-browse ka ng website. Inirerekord nito ang iyong kagustuhan at itinatala nito sa iyong web browser. Hindi namin gagamitin ang cookies para kolektahin ang iyong personal na impormasyon. Maaari mong i-disable ang cookies sa iyong web browser ngunit kapag nag-disable ka ng cookies, maaaring hindi mo magamit ang ilang espesyal na feature sa aming website tulad ng pagpili ng gustong wika.

Seguridad ng Datos at Pagsisiwalat

Pinapanatili naming kumpidensyal ang lahat ng Personal na Datos ngunit maaaring isiwalat o ilipat ang Personal na Datos sa sumusunod na kategorya ng mga tao (maaaring nasa loob o nasa labas ng Hong Kong) para sa mga layuning itinakda sa itaas:

a. anumang kaugnay na partido na may kinalaman sa iyong (mga) reklamo, (mga) pagtatanong, (mga) aplikasyon at (mga) hiling para sa mga serbisyong ibinibigay ng EOC;
b. mga legal na tagapayo at iba pang propesyonal na tagapayo na may kaugnayan sa amin, gaya ng mga research consultant at ahente;
c. mga tao na mayroon kaming obligasyon o mga kinakailangan para magbigay ng Personal na Datos dahil sa anumang batas, regulasyon o patnubay na inisyu ng panregulatoryo o iba pang awtoridad o ahensya sa pagpapatupad ng batas, o ng anumang hukuman o panghukumang institusyon; at/o
d. mga taong nag-atas sa amin na magbigay ng personal na datos sa pamamagitan ng anumang patakaran at hakbang na ipinapatupad namin para sa pag-iwas o pagtukoy sa anumang aktibidad na labag sa batas o mga kahina-hinalang aktibidad.

Mga Link sa iba pang website

Nagbibigay kami ng mga hyperlink sa iba pang website para sa iyong kaginahawahan. Tandaan na angkop lamang ang Pahayag na ito sa aming website at hindi angkop sa iba pang website.

Kapag nag-click ka ng alinmang website, hindi na namin responsibilidad ang proteksyon ng pagkapribado ng datos at ang iyong pagkalantad sa cookies sa iba pang website. Pinapayuhan ka namin na sumangguni sa patakaran sa pagkapribado at mga gawain ng kaugnay na website.

Access at Pagtatama ng Personal na Datos

Sa ilalim ng PD(P)O, karaniwan, may karapatang humiling ng access ang isang indibiduwal sa kaniyang Personal na Datos at iatas sa amin na itama ang kaniyang maling Personal na Datos. Dapat magpadala sa amin ng sulat para sa anumang kahilingan para sa access o pagtatama sa Personal na Datos sa Komisyon sa Pantay-pantay na Oportunidad, 16/F, 41 Heung Yip Road, Wong Chuk Hang, Hong Kong at ipaabot ito sa alinman sa sumusunod na mga tauhan:

a. Direktor (Mga Serbisyo ng Reklamo) o Sa Pangunahing Tagapayong Legal kaugnay ng personal na datos na mayroon ang alinman sa kanila kaugnay ng kanilang sakop na trabaho;
b. Direktor, Pangkorporasyong Pagpaplano at mga Serbisyo kaugnay ng personal na datos na mayroon sila sa lahat ng iba pang rekord.

Para sa mga detalye, bisitahin ang aming 'Patakaran sa Pagkapribado at Proteksyon ng Datos at mga Gawain'.

May karapatan kaming sumingil ng bayarin para sa pagpoproseso ng anumang kahilingan sa pag-access ng datos.

Nakasulat sa wikang Ingles ang Pahayag na ito na may mga isinaling wika. Kung may anumang pagkakaiba o hindi pagtutugma sa pagitan ng mga bersyong Ingles at mga isinaling wika, mananaig ang Ingles na bersyon.

Nirebisa noong Abril 2023
Komisyon sa Pantay-pantay na Oportunidad